VDH VIRGINIA DEPARTMENT OF HEALTH

# ANONG MGA BAKUNA ANG KAILANGAN MO?




| BAKUNA | TUNGKOL SA BAKUNA | SINO ANG PWEDE | BAKIT KAILANGAN | KAILAN PWEDE | SAAN MAKUKUHA |
|---|---|---|---|---|---|
| **BAKUNA LABAN SA TRANGKASO** | Idinisenyo ang taunang bakuna laban sa trangkaso para protektahan sa 4 na uri ng virus ng trangkaso na inaasahang magiging pinakakaraniwan sa panahon ng trangkaso na ito. | Lahat ng edad 6 na buwan pataas. | Maaari nitong mabawasan ang panganib ng pagkakaroon ng trangkaso, pagpapaospital, at kamatayan. Para sa mga may trangkaso, maaari nitong mabawasan ang kalubhaan ng sakit. | Pinakamainam na magpabakuna sa Setyembre at Oktubre, pero maaari pa rin itong magbigay ng proteksyon kahit na matanggap nang mas huli at kumakalat pa rin ang trangkaso. | Mga departamento ng kalusugan, botika at opisina ng doktor. Maghanap ng lokasyon sa vaccinate.virginia.gov |
| **BAKUNA LABAN SA COVID-19** | Ang mga bakuna laban sa COVID-19 para sa 2023–2024 ay na-update para matarget ang Omicron XBB.1.5 variant at inaasahang magbibigay-proteksyon laban sa iba pang mga Omicron variant. | Lahat ng edad 6 na buwan pataas. | Ang pagiging updated sa mga bakuna laban sa COVID-19 ay nagpoprotekta laban sa malubhang sakit, pagpapaospital, at kamatayan mula sa COVID-19. Binabawasan din nito ang panganib ng Mahabang COVID. | Pwedeng magpabakuna ang mga tao ngayon. Ang mga nagpabakuna na para sa COVID-19 ay pwedeng tumanggap ng bakuna nang hindi bababa sa 2 buwan matapos ang huli nilang dosis. | Mga departamento ng kalusugan, botika at opisina ng doktor. Maghanap ng lokasyon sa vaccinate.virginia.gov |
| **BAKUNA LABAN SA MPOX** | Bakuna na may dalawang dosis para protektahan laban sa mpox. | Mga taong may nakasalamuhang may mpox o mga taong may mataas na panganib na magka-mpox. | Maaari nitong hadlangan ang malubhang sakit, pagpapaospital, at kamatayan mula sa mpox. | Agad-agad kung ikaw ay kwalipikado – alinman sa na-expose ka sa mpox o may mataas na panganib na magka-mpox. Kunin ang parehong dosis para sa pinakamahusay na proteksyon. | Karamihan sa mga departamento ng kalusugan at ilang opisina ng doktor. Maghanap ng lokasyon sa cdc.gov/poxvirus/mpox/vaccines/vaccine-recommendations.html |
| **MENINGOCOCCAL VACCINE** | Dalawang magkaibang uri ng bakuna para tulungang maiwasan ang meningococcal na sakit. May dalawang dosis ang bawat uri ng bakuna. | Lahat ng preteen, teenager, at taong may mga partikular na kondisyon sa kalusugan, tulad ng HIV. | Makakatulong ito para maiwasan ang meningococcal na sakit, na nagdudulot ng meningitis. | Agad-agad kung kwalipikado ka at hindi pa nakatanggap ng bakuna laban sa meningococcal na sakit. Kunin ang parehong dosis para sa pinakamahusay na proteksyon. | Karamihan sa mga departamento ng kalusugan, botika at opisina ng doktor. |
| **IBA PANG MGA BAKUNA** | Maaaring kailanganin mo ang iba pang bakuna, tulad ng mga bakuna laban sa impeksyon ng respiratory syncytial virus (RSV) o ng pneumococcal na sakit, batay sa iyong edad, kondisyon sa kalusugan, o iba pang mga salik. Makipag-usap sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan tungkol sa mga bakunang angkop para sa iyo. | | | | |

**PARA SA HIGIT PANG IMPORMASYON**

Trangkaso at COVID-19: **https://www.vdh.virginia.gov/epidemiology/respiratory-diseases-in-virginia/**

Mpox: **vdh.virginia.gov/monkeypox/vaccination**

Meningococcal: **vdh.virginia.gov/surveillance-and-investigation/meningococcal-disease-outbreak-response**

Sa maraming kaso, maaaring ibigay ang mga bakunang ito nang sabay-sabay. Kung may mga tanong ka tungkol sa anumang imyunisasyon, makipag-usap sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan o sa isang parmasyutiko. Kung wala kang isang provider sa pangangalagang pangkalusugan, hanapin ang iyong lokal na departamento ng kalusugan sa **vdh.virginia.gov/health-department-locator** at makipag-usap sa kanila.

*Huling na-update 09/2023*